O pangkat ng mga lumikas at mga dumamay, tunay na kabilang sa mga kapatid ninyo ay mga taong walang ari-arian at walang lipi kaya magsama ang isa sa inyo sa kanya ng dalawang lalaki o tatlo

Ayon kay Jābir bin`Abdillāh, malugod si Allāh sa kanya, ayon sa Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Siya ay nagnais na sumalakay kaya nagsabi siya: "O pangkat ng mga lumikas at mga dumamay, tunay na kabilang sa mga kapatid ninyo ay mga taong walang ari-arian at walang lipi kaya magsama ang isa sa inyo sa kanya ng dalawang lalaki o tatlo sapagkat hindi nagtataglay ang [bawat] isa sa atin ng sasakyang magdadala sa kanya malibang salitan gaya ng salitan." Tinutukoy niya ang [salitan ng bawat] isa sa kanila. Nagsabi ako: "Kaya nagsama ako sa akin ng dalawa o tatlo; wala akong [magagawa] malibang salitang gaya ng salitan ng [bawat] isa sa kanila sa kamelyo ko."

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ang kahulugan ay na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nag-utos sa mga Kasamahan niya, malugod si Allāh sa kanila, na maghalilihan ang dalawang lalaki o ang tatlo sa pagsakay sa isang kamelyo nang sa gayon ang mga tao ay maging pantay lahat.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6005